

Kamalayan sa MGA Panganib at Kaligtasang Panghanap Buhay sa Gawain Ng Pagmimina Para sa MGA MAG-Aaral Na Elementarya

Mipana, Marjorie S., Serdan, Geraldine A., Escultor, Gemma R.

Surigao Del Norte State University, Philippines

Abstract: *Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa kamalayan ng mga mag-aaral sa elementarya hinggil sa mga panganib at kaligtasang panghanap-buhay sa gawain ng pagmimina. Sa kabila ng kahalagahan ng industriya ng pagmimina sa ekonomiya, ito ay may kasamang mga panganib na maaaring makaapekto sa kalusugan at kapaligiran. Layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang antas ng kamalayan ng mga mag-aaral sa mga panganib na kaakibat ng pagmimina, pati na rin ang kanilang pag-unawa sa mga kaligtasan at proteksiyon na dapat isaalang-alang. Gamit ang isang talatanungan, sinuri ang mga pananaw at kaalaman ng mga mag-aaral tungkol sa mga panganib ng pagmimina at ang mga kasalukuyang programa sa paaralan na naglalayong itaas ang kanilang kamalayan. Ang mga resulta ay nagpahayag ng limitadong kaalaman ng mga mag-aaral tungkol sa mga tiyak na panganib at kaligtasan sa pagmimina, na nagpapakita ng pangangailangan para sa mas malawak na edukasyon at mga aktibidad na nakatuon sa kaligtasan. Bilang rekomendasyon, inirekomenda ang paggawa ng modyul upang mas mapalawak pa ang kamalayan ng mga mag-aaral sa elementarya sa mga programang pang-edukasyon sa mga paaralan at ang pakikipagtulungan ng mga komunidad upang mas mapabuti ang kamalayan at kaalaman ng mga mag-aaral hinggil sa mga panganib at kaligtasan sa pagmimina. Ang pag-aaral na ito ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng masusing edukasyon sa mga kabataan upang maging handa sila sa mga hamon na dala ng industriyang ito*

Susing Salita: Kamalayan ng mag-aaral, panganib sa pagmimina, kaligtasang panghanap-buhay, edukasyong pangkaligtasan, elementarya